pilipino فلبيني

# BATANG MUSLIM

*LIBRITO NA BINUBUO NG MGA PANGUNAHING KAALAMAN SA ISLĀM AT PAG-UUGALI PARA SA BATANG MUSLIM.*

Inihanda ng mga grupo ng mga Doktor sa Algeria
Gawa ng website Maglaro at Mag-aral

alsarhaan.com

mahadsunnah.com

بسم الله الرحمن الرحیم

# Unang Bahagi: 1

## Ang aking Īmān


### Ako ay Muslim

- **ANG AKING PANGINOON AY ANG ALLĀH AZ-ZA WA JAL.**
- **ANG AKING PROPETA AY SI MUHAMMAD -SUMAKANYA NAWA ANG KAPAYAPAAN-.**
- **ANG AKING RELIHIYON AY ANG ISLAM.**

### Mahal ko ang Allāh

Dahil Siya ang Panginoon ng mga Nilikha, Ang Pinakamahahabagin at Ang Pinakamaawain, Ang Hari sa Araw ng Paghuhukom.
At dahil nilikha niya ako, biniyayaan at ginawa Niya akong Muslim.

**Sinabi ng Allāh:**



Sa ngalan ng Allāh, Ang Pinakamahahabagin, Ang Pinakamaawain 1
Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allāh 2
Ang Pinakamahahabagin, Ang Pinakamaawain 3
Ang Hari sa Araw ng Paghuhukom 4
Ikaw lamang ang aming susundin at sasambahin, at ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong. 5
Gabayan mo kami patungo sa matuwid na landas. 6
Landas na pinagkalooban mo ng biyaya, hindi sa landas na umani ng Iyong poot at ng mga nangaligaw. 7

[1: 1-7]

**At mahal ko ang Propeta - sumakanya nawa ang kapayapaan-**

Dahil tunay na ang Allāh ay pinadala siya sa atin, at naging dahilan upang malaman natin ang patungkol sa Allāh at pinaalam sa atin ang Qur-an

At dahil siya -sumakanya nawa ang kapayapaan- ay mapagmahal at maawain, ang kanyang pag-uugali ay dakila at ang kanyang mga katangian ay mainam,

**sinabi ng Allāh:**

[At tunay ikaw ay nagtataglay ng dakilang pag-uugali] [68:4]

**At Kanya ding sinabi:**

**[at sa mga mananampalataya siya ay mapagmahal at maawain]** [9:128].

## At sinabi ng Allāh:

Katotohanan na ipinagkaloob Namin sa iyo (O Muhammad) ang ilog ng Kawthar 1 Na kung kaya, ikaw ay magdasal sa iyong Panginoon at mag-alay sa Kanya 2 Katiyakan ang nagalit sa iyo ay siyang mapuputulan -ipagkakait sa kanya ang kabutihan dito sa daigdig at sa kabilang buhay. 3

[108: 1-3]

## At mahal ko ang aking Relihiyon; ang Islām

**Dahil ito ang Tamang Relihiyon na kinalugdan para sa atin ng Allāh, at ang pinarating sa atin ng ating Propeta -sumakanya nawa ang kapayapaan-. At sinuman ang pinanghawakan niya ito ay makakapasok ng Jannah (Paraiso) at sinuman ang iniwan at kanyang tinalikuran ay makakapasok sa Impeyerno.**

## Sinabi ng Allāh:

[Sumpa man sa Panahon -sumusumpa ang Allāh sa anuman ang Kanyang nais 1 Tunay na walang pag-aalinlangan ang mga Tao ay nasa kalugian. 2 Maliban na lamang sa mga nanampalataya, at gumawa ng kabutin, at nagpayuhan sa katotohanan, at nagpayuhan na maging matiisin. 3]

[103: 1-3]

## At ang mga Haligi ng Islām ay lima:

5

1. Shahādatu an lā ilāha illa Allāh (ibig sabihin: wala nang sinasambang tunay maliban sa Allāh) wa anna Muhammad rasulullāh (at tunay na si Muhammad ay Mensahero o Sugo ng Allah).
2. Pagtatayo ng Salāh.
3. Pagbibigay ng Zakah.
4. Pag-aayuno sa Ramadhān.
5. Pagsasagawa ng Hajj sa Baytullāh Alharām.



## At ang mga haligi ng Īmān

6

1. Paniniwala sa Allāh.
2. Paniniwala sa mga Anghel.
3. Paniniwala sa mga Kapahayagan
4. Paniniwala sa mga Sugo.
5. Paniniwala sa Huling Araw.
6. Paniniwala sa Tadhana masama man o mabuti.



AT MAHAL KO ANG LAHAT NG ANUMANG MAHAL NG ALLĀH AT NG KANYANG SUGO.

AT KINAMUMUHIAN KO ANG LAHAT NG ANUMANG KINAMUMUHIAN NG ALLĀH AT NG KANYANG SUGO.

# Pangalawang Bahagi: 2

## Ang aking Salah (Pagdarasal)




*Ang Allāh ay nilikha tayo para sa pagsamba sa Kanya nang nag-iisa at bukod-tangi, wala Siyang katambal, kaya't hindi maari na sasamba tayo sa iba, at hindi tayo mananalangin sa iba bukod sa Kanya. Luwalhati sa Kanya ang Kataas-taasan.*

At ang pinakadakilang pagsamba:

Ang Salah (Pagdarasal)

# 5 Ang Salah ay lima:



| | | |
|---|---|---|
| Salātul Fajar, | 2 | rak-atān (dalawang rakaah) |
| Salātudh Dhuhr, | 4 | Arba-u Raka-āt (Apat na rakaah) |
| Salātul Asr | 4 | Arba-u Raka-āt (Apat na rakaah) |
| Salātul Maghrib | 3 | Thalāthu Raka-āt (Tatlong rakaah) |
| Salātul Ishā’ | 4 | Arba-u Raka-āt (Apat na rakaah) |



At pananatilihin ko ang pagsasagawa ng Salah sa mga oras nito, at itatayo ko ito nang may pagkatakot sa Allāh.



At magsasagawa ako ng Wudhu bago ako magsasagawa ng Salah, at kailanman hindi ako magsasagawa nito ng walang Wudhu.



# Pangatlong Bahagi: 3

## Ang aking Pag-uugali

**Tunay na ang Allāh ay mahal Niya ang mayroong mabuting pag-uugali, at kinamumuhian naman Niya ang masamang pag-uugali.**
**At ang Propeta -sumakanya nawa ang kapayapaan- ipinadala upang kumpletuhin ang pinakamainam na mga pag-uugali.**

**Kaya't nararapat para sa atin na magtaglay ng katangian nang mabuting pag-uugali.**
Katulad ng Makatotohanan, Matapat, Mapagkakatiwalaan, Katapangan, Mabuting Salita, Respeto sa tagapagturo, at Magalang sa matatanda.

**At lumayu naman sa masamang pag-uugali:**
Katulad ng Pagsisinungaling, Pagtataksil, Kahinaan , Maramot, Masungit at kawalan ng Respeto.

***Sinabi niya -sumakanya nawa ang kapayapaan-:***

"Tunay na ang pinakamalapit na lugar sa akin sa Araw ng Paghuhukom ay yung pinakamainam sa inyo na pag-uugali sa Mundo".

# PANGWAKAS

Ang kaalaman ay liwanag, at ang kamangmangan ay kadiliman.

Kaya't pag-iigihan ko ang paghahanap ng kaalaman, gayundin ang pagkuha sa kanya, upang sa gayon ay kalugdan ako ng aking Panginoon at papasukin Niya ako sa Jannah.
At ang mga Pag-alaala at Panalangin ay depensa ng isang Muslim.
Kaya't pag-iigihan ko ang mga pag-alaala sa umaga at gabi, at kabilang dito: ang pagbasa ng Ayatul Kursīy at ang Surah Ikhlas, Falaq at Nās.
At ang panalangin ay susi sa tagumpay at kasiyahan.
Kaya't mananalangin ako sa Allāh nang maraming beses sa bawat oras, habang nagpapatirapa, pagkatapos ng Adhan, at sa gabi.

At kabilang sa mga panalangin ay:

- Allāhummah-dinīy wa saddidnīy (Oh Allāh gabayan Mo po ako at patatagin)
- Allāhumma zidnīy ilman (Oh Allāh dagdagan Mo po ako ng kaalaman)
- Allāhummagh-firlīy wa waliday-ya, war-ham-humā (Oh Allāh patawarin Mo po ako, gayundin ang aking dalawang magulang at kaawaan Niyo po sila)
- Allāhumma ātinīy fid dunya hasanah, wa fil ākhirati hasanah, wa qinīy adhāban nār (Oh Allah ipagkaloob Mo po sa akin ang mabuti sa Mundo, at gayundin sa kabilang buhayi, at iligtas Mo po ako mula sa kaparusahan ng Impeyerno).

**Natapos na at ang lahat ng papuri at nararapat lamang sa Allāh**

Ang aklat para Batang Muslim: Isang aklat sa wikang Filipino, na pinamahalaan ng "Play and Learn" website, pinangangasiwaan ni Sheikh Dr. Haytham Sarhan. Ito ay isang sulatin na naglalaman ng mga aralin tungkol sa pundasyon ng Islam at pag-uugali para sa batang Muslim. Ito ay inihanda sa isang maganda at kapana-panabik na disenyo, na nagdaragdag ng saya at pananabik sa aklat.